Kap RR Lacson: Lalaban para sa Imuseño see P.3

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
bantaybalitanews59@gmail.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 3 NO. 22 10.00 FEBRUARY 24 - MARCH 2, 2025

Valor, market value ng lupa ang itinaas namin: Tatay Saki
Sundan sa pahina 3

# Impeachment trial begins on July 30

Senate President Francis 'Chiz' Escudero has proposed the following timeline to start the impeachment trial of Vice President Sara Duterte.

June 2, 2025 – Resumption of session; presentation of the Articles of Impeachment by the prosecutors; and Approval of the revised Rules of Procedure on Impeachment Trials (3:00 p.m.).

June 3, 2025 – Convening of the Impeachment Court and oath-taking of incumbent Senator-judges (9:00 a.m.).

June 4, 2025 – Issuance of summons.

June 14-24, 2025 – Reception of pleadings.

June 24 to July 25, 2025 – Pre-Trial.

July 28, 2025 – Inaugural session of the Senate of the 20th Congress (10:00 a.m.); Joint Session of Congress to hear the State of the Nation Address of the President (4:00 p.m.).

July 29, 2025 – Oath-taking of newly-elected Senator-judges before the Senate sitting as an Impeachment Court (9:00 a.m); Plenary session of the Senate (3:00 p.m).

July 30, 2025 – Start of trial (9:00 a.m. to 2:00 p.m.).

Escudero said in his proposal, the Articles of Impeachment will be presented in the plenary when session resumes on June 2, after which the Senate will convene as an impeachment court.

Incumbent senator-judges of the 19th Congress will also take their oaths.

After the State of the Nation Address on July 28, newly-elected senators of the 20th Congress will take their oaths before sitting as judges in the impeachment court.

The actual trial will start on July 30.

Vice President Duterte and Speaker Martin Romualdez has been informed of the procedural moves so that the House and Senate can "conduct a fair and orderly impeachment trial."



VP Sara Duterte

275,000 seniors tumanggap ng P10K cash gifts bawat isa See page 2

MOA sa Mall Voting Program sa Cavite pinirmahan See page 2

Sen. Imee nakiisa sa pagdiriwang ng ika-2 anibersaryo ng Carmona City
Sundan sa pahina 4

Ating ibalik sa Senado si Mr. Mala-sakit!
REVANZE



Team Dualan lamang po!
SA TOTOO LANG!



Bloggers, SMCs bu-muwelta sa Ka-mara
MAKIKIRAAN PO!



## SIM registration law dapat amyendahan

Naniniwala si Presidential Communication Office (PCO) Undersecretary Atty. Claire Castro na mabuting gawing personal ang rehistrasyon ng SIM cards.

Sagot ito ni Castro sa tanong ng isang reporter tungkol sa pagkabahala ni Sen, Risa Hontiveros na maraming panloloko at scamming operations kahit mayroon nang SIM Card Registration Act.

Mungkahi ni Castro, dapat itulad ang SIM card registration sa pagkuha ng driver's license na ang aplikante ay personal na pumupunta sa opisina para magparehistro.

Tulad din ng NBI clearance personal ang pagkuha niyon, sabi pa ng palace official.

Nangyayari ngayon, kahit sino na lamang ay nakabibili ng bagong SIM Cards.

2022 nang lagdaan ni Pangulong Bongbong Marcos ang SIM Registration Act o Republic Act 11934 upang wakasan ang mga krimen gamit ang di-rehistiradong SIM cards./Liza fe Bonete



Protecting Media world, one step at a time: Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI actively engaging at the Presidential TaskForce on Media Security (PTFoMS) first inter-agency meeting for 2025.

The meeting was participated by National Press Club, Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas, National Union of Journalists of the Phlippines, Philippine Press Institute, Alter Medya, Center for Medya Freedom and Responsibility, Department of Interior and Local Government; Dept. of Justice, and Asian Institute of Journalism and Communication.

Advertise with us!
We are now offering publication of legal requirementsy for:
* Extra-Judicial Notices * Self-Adjudication *Correction in Live Births *Correction in Names and Surnames* Affidavit of Loss* Obituaries, and other legal notices, notarial services and other publication needs.
Email us at bantaybalitanews59@gmail.com; taparaneliseo@gmail.com; sarfia926@gmail.com; arzmedia777@yahoo.com;
or text/call: 0927-489-0759 /0928-940-6369.
Please contact us for inquiries.

# 275,000 seniors tumanggap ng P10K cash gifts bawat isa



Mahigit sa P2.9 billion ang ipinamigay sa 275,000 senior citizens sa unang taon ng pagpapatupad sa benepisyong iniuutos ng Republic Act (RA) No. 11982 o Expanded Centenarians Act sa ginawang payout sa 16 na lugar sa bansa.

Sumaksi sa okasyon na ginanap sa Malakanyang si Sen. Bong Revilla, pangunahing may-akda ng nabanggit na batas noong Miyerkoles, Pebrero 26 sa Malakanyang.

Pinangunahan ni Presidente Bongbong Marcos ang pamimigay ng P10,000 bawat isa sa mga lola at lolo na umabot sa edad na 80, 95, 90 at 95.

Pebrero 26, 2024 pinirmahan ni PBBM ang Expanded Centenarians Act.

Si Revilla rin ang may-akda ng Anti-No Permit, No Exam Policy na payagang kumuha ng final exams ang mga estudyante na may utang na bayarin sa paaralan.

Sinabi ni Revilla na masaya siya dahil natupad ang pangako niya na mabigyan ng munting regalo ang mga nakatatanda.

"Matagal na sila na umaasa rito, at ngayon ay natatanggap na nila," sabi ng senador.

# MOA sa Mall Voting Program sa Cavite pinirmahan

Mas magiging maginhawa ang pagboto ng 4,908 na rehistradong botante sa lungsod ng Tagaytay, Barangay Silang Crossing sa darating na May 12 midterm elections.

Noong Biyernes, Pebrero 21, pinirmahan ang memorandum of agreement (MOA) ng Mall Voting Program sa pamumuno ni Provincial Elections Supervisor Mitzelle Veron Morales-Castro, kasama ang mga opisyal ng FORA Filinvest Mall sa Tagaytay na sina Engr. Christian Wesley D. Villanueva, assistant vice president at South Cluster general manager; Karla T. Morada, operations manager at Adrian L. Legarda, marketing lead at si Tagaytay Elections Officer Atty. John Angelo Medina.

Sa panayam ng mga mamahayag, sinabi ni Atty. Morales-Castro, tanging ang FORA Mall lamang ang nakapasa sa istandard ng Commission on Elections (Comelec) para pagdausan ng botohan sa darating na halalan.






Pinasalamatan ni Morales-Castro ang pamunuan ng FORA Mall sa pakikipagtulungan sa poll body para maidaos ang isang tahimik, maayos at maalwang lugar na botohan sa naturang mall.

Ayon kay Atty. Medina, magsisimula ang botohan sa mall, alas 7 ng umaga ng Mayo 12.

Uunahin na pabotohin ang mga senior citizens, may kapansanan at mga buntis na botante.

Ayon kay GM Villanueva, ang voting precinct ay nasa Main Activity Center, Upper Ground Floor, North Wing ng FORA at matatapos ang pagboto, alas 7 ng gabi.

"Fora Mall is proud to stand with Comelec in upholding the right to vote," said Villanueva.

Aniya, ikinasisiya ng pamunuan ng FORA Filinvest na tumulong na mabigyan ng ginhawa ang kapwa Pilipino sa kanilang paboto.

" We're committed to providing a convenient and accessible space so that every eligible voter in Tagaytay City can participate in this important civic duty," sabi ni Villanueva. /DB Caoile, JW Bilbao

# Valor, market value ng lupa ang itinaas namin: Tatay Saki



Sa isang video na ipinaskil, kamakailan sa kanyang Facebook account, sinabi ni Imus City Vice Mayor Homer 'Tatay Saki' Saquilayan na hindi na niya kayang tiisin ang ikinakalat na kasinungalingan na kumakalat sa lungsod.

Hindi totoo, sabi ni Saquilayan na tumaas ng 380 percent ang buwis sa amilya.

Ang itinaas, sabi ng bise-alkalde ay "ang valor, o market balue ng lupa."

Kailangang itaas ang valor o halaga ng lupa dahil iniuutos ito ng Department of Finance (DOF).

May utos ang Bureau of Local Government Finance sa lahat ng LGUs na magpatupad ng general revision of real properties, lalo na ang lupa.

Sabi ni Tatay Saki, sa huling revision ng valor o market value ng lupa sa Imus ay nangyari noong 2007 pa, na ang valor noon ay P700/ square meters.

Kung nagtaas man ang mga bayaring buwis, sadyang kailangan ito, dahil sa pagdami ng populasyon at para mapalago ang ekonomya ng lungsod.

Sa video, ipinakita ni Tatay Saki ang makapal na dokumento tungkol sa isang ordinansa (No. 02-04-133, series of 2019) na nagtataas ng bayaring buwis.

Wala silang kinalaman sa nasabing ordinansa, dahil noong 2022 lang namuno si Mayor Alex 'AA' Advincula, at siya,bilang vice mayor, sabi ni Tatay Saki

2019, hindi naipatupad ang pagtataas ng bayaring buwis, at itom sabi ng bise-alkalde ay isang "noble decision"pagkat may pandemya noon at mahina ang negosyo.

Ngayon na walang pandemya, tama na ipatupad ang nasabing Ordinansa.

Nabanggit sa video anga P2.76 billion na utang ng city government sa Development Bank of the Philippines (DBP) na isa sa pinagkagastusan ay ang itinayong bagong gusali ng Imus City Government.

Ani Tatay Saki, P1.46-bilion ang alam niyang inutang ng nakaraang administrasyon na tumaas sa P2.76 billion.

Sa inutang ay gagastusin daw sa pagtatayo ng tenement house, e-trike, solar panel sa public schools, at iba pa, na sabi ni Tatay Saki, "Hindi ko alam ang nangyari, kung natuloy o hindi."

Nagbabayad ngayon ang city government ng P17-M plus a month, sabi ng bise-alkalde, ito ay "more than P200-million a year."

Wala silang magagasa kungdi ipatupad ang Ordinansa noong 2019, at sumunod sa utos ng DOF.

Kung hindi sila susunod,"Kami ang babalikan ng mamamayan, ng Department of Finance, ng BIR," sabi ni Tatay Saki.

Sa huling bahagi ng video, nakiusap ang bise-alkalde sa mamamayan ng lungsod, "Sana, wag tayong pabubulag sa m g a kasinungalingan."/BB News Desk

# Kap RR Lacson: Lalaban para sa Imuseño




**Imus City --** Kumakalat ngayon sa social media ang tungkol sa umano ay pagbabawal sa mga kandidato sa oposisyon na gamitin sa pagmimiting, caucus at iba pang gawain publiko ang mga covered court at katulad na lugar sa siyudad na ito.

Sa isang paskel sa Facebook kamakailan, ito ang sinabi ni Kap Robert Rey 'RR' Lacson, kandidatong alkalde ng Team Imus:

"Ginawa mula sa buwis ng mga Imuseno, pero hindi libreng magamit ng publiko?"

Wika ni Lacson, hindi dapat na hadlangan ang mga karapatan ng mamamayan, lalo na ang karapatang magsalita, magpahayag at magpulong.

"Bawat sentimo mula sa bulsa ng Imuseño ay may halaga. Walang sinuman ang may karapatang humadlang," sabi ng kandidatong alkalde ng Team Imus.

Aniya pa, mali, hindi tama na mga piling tao lamang ang pwedeng gumamit ng mga publikong covered court.

'Hindi ito negosyo, hindi ito personal na pag-aari, at lalong hindi ito dapat pinagkakakitaan," sabi ni Kap Lacson na ang katiket na kandidatong kongresista ay si dating Imus City Mayor Emmanuel 'Manny' Maliksi.

Iginiit ni Kap RR Lacson na ang mga publikong pasilidad ay itinayo gamit ang pera ng mamamayan, at marapat lamang na magamit at mapakinabanan ng mamamayang Imuseno at ng publiko.

Tanong ni Lacson: "Bakit kailangang magbayad o humingi ng permiso para sa isang bagay na dapat ay bukas at malaya para sa lahat? "

Idiniin niya, na walang sinuman, walang partido at walang kulay ang may karapatang ipagkait sa tao ang mismong bagay na kanilang pinondohan—nagmula sa bulsa ng bawat Imuseño.

Sa kanyang paskel sa social media, isinatinig ni Lacson ang sa paniniwala niya at ng mamamayan na nangyayaring pang-aabuso sa lungsod.

Nanawagan si Kap RR sa mamamayang Imuseno na panahon na para itama ang mali.

"Sama-sama tayong tumindig laban sa pang-aabusong ito!" panawagan ni Lacson. /BB News Desk

# PhilHealth marks 30th year of insuring Filipinos



Dr. Edwin Mercado

Newly appointed Philippine Health Insurance Corp. (PhilHealth) president and chief executive Dr. Edwin Mercado joined 9,000 officers and employees from across the country Friday in a mass celebrating the state insurer's 30th anniversary.

Father Jerry Orbos officiated the mass.

Following President Ferdinand Marcos Jr.'s directive to ensure unhampered services, a board meeting chaired by Health Secretary Teodoro Herbosa followed the mass.

Critical policy issues, addressing the needs of both providers and members, were discussed.

"We want to reciprocate with wholehearted service the warm welcome of our stakeholders, public health and medical communities, and especially the PhilHealth employees who are our partners in further expanding our service," Mercado said.

Thirty years since its inception, PhilHealth remains committed to delivering more responsive and quality health care for all Filipinos.

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: bantaybalitanews59@gmail.com / taparaneliseo@gmail.com
lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

HENRY E. CAOILE
*Founder*

DOMZ B. CAOILE
*Publisher*

ELI TAPARAN II
*Editorial Consultant*

ADELA R. ZAMORA
*Special Projects Director*

JANETH W. BILBAO
*Circulation Manager*

GENE T. TAN
*Chief of Reporters*

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Team Dualan lamang po!



SA TOTOO LANG!

★ GENE T. TAN

Minsan nang naipakita ni Vice Mayor Junio 'Jun' Dualan na kaya niya -- katuwang ang Sangguniang Bayan -- na mapaunlad ang Naic noong siya ang alkalde ng munisipalidad.

Mula sa dating 'natutulog' na bayan, isa nang first class municipality ang Naic, ayon sa pagkilatis ng Department of Finance.

May kakayahan na mamuno, napatunayan na ni VM Junio ang husay niya: tatlong terminong konsehal, tatlong terminong vice mayor, bago nahalal na tatlong terminong alkalde, at ngayon, matapos ang isang termino uli bilang bise-alkalde, humaharap siya upang hingiin ang basbas ng taumbayan na iluklok uli siya bilang punongbayan.

Ilang ulit nang nasaksihan na ang mga tao, hindi lang masaya kapag nagpapahayag si VM Jun ng mga gagawin niya sa munisipalidad.

Mabiyaya ang pagmamahal sa kanya ng mamamayan, paano nga, lagi na, sa pasimula at pagtatapos ng miting, caucus at iba pang gawain, itinitiwala ni VM Junio ang lahat sa ating Amang Diyos.

At ayaw niya ng negativity sa kampanya at paghingi ng tiwala ng mga botante.

Hindi ito productive, at tama si Vice Mayor Dualan, kasi, ang batuhan ng putik ay naghahasik ng galit, ng pagkasuklam -- lalo na kung ang batikos ay panlilinlang.

Yung kaibayo niyang kandidato, inuuna ang paninira, inuuna ang atake sa personalidad, saka na ang pagsasabi ano ba ang patunay ng nagawa na at gagawin pa.

Kaya umani ng maraming papuri ang ipinahayag ni soon to be Mayor again na si Kuya Jun Dualan sa kanyang paskel sa social media.

"Ayoko sa negative campaigning. Siraan na nila ako nang siraan ng kung ano-ano, hindi ko sila papatulan," sabi niya.

Para bang ang mga katunggali ni VM Dualan ay perpekto, walang kapintasan.

Hindi masama ang di maging perpekto, at walang gobyerno, lokal man o pambansa, ang walang kapintasan.

Tao lamang, posible ang magkamali, at magkaroon ng kapintasan.

Mahalaga, kung may pagkakamali -- na natural sa tao --, maitutuwid ang lisya o hindi tama.

Sabi ni Kuya Jun, kaysa intindihin na sagutin ang paninira, "Busy ako sa pagtulong, bukas ang aking opisina para sa lahat at katulad ng ibang bayan, may mga problema din tayong hinaharap."

Ang mga iyon ang hinahanapan niya ng solusyon, sabi ni VM Jun.

Sa kanyang opisina, tinatanggap ni Kuya Jun ang lahat ng nais magsabi ng kanilang kahilingan, at kung agad na makakaya, aaksiyonan.

Kung kailangan ang pag-aaral, kumukunsulta siya sa may alam, sa mga may expertise, at ang tunay na lider ay sumasangguni upang makita ang tamang solusyon.

Sa mga miting, sinasabi ni VM Jun ang gagawin sa kanyang administrasyon, at uunahin ang basic needs ng Naicquenos.

Yung naumpisahang mga proyekto ni Mayor Raffy Dualan, itutuloy, mas pasisiglahin ang suporta sa trabaho, livelihood, edukasyon, pabahay, at iba pang bagay na magpapabuti sa buhay at kabuhayan ng mamamayan.



VM Jun Dualan

At lagi na, handa lagi si Kuya Jun na makinig sa hiling, reklamo, at adhika ng Naicqueno.

Sabi nga niya, lilikha siya ng isang Consultative Body na doon, malaya ang mamamayan na magsabi ng naisin at gawain na kailangang i-prioritize ng pamahalaang lokal.

Tama si Kuya Jun: wala siyang oras sa paninira, walang siyang pakialam sa pagkakalat ng kasiraan ng mga kalaban sa politika.

Hahayaan na lang ni Vice Mayor Dualan ang kabilang bakod na gawing almusal, tanghalian, meryenda at hapunan ang batikusan.

Mas nais ni Kuya Jun ay makipagmiting, makipag-bonding, makinig sa tao, tumulong at hanapan ng gamot ang mga sakit ng bayan.

Kung may reklamo, nagtatanong siya kung totoo na iyon, kanyang kinukumpirma at agad na umaaksiyon.

Natural na may mga di nasisiyahan, kasi nga, hindi naman lahat ay matatanggap ang nais na adhika para sa kabutihan ng bayan.

Basta, nais ni Kuya Jun Dualan, makagawa ng magagandang accomplishment -- tulad ng nagawa niya noong siya ang alkalde, at sa pagbabalik niya sa tungkuling Ama ng Naic, gagawin niya ang di-natapos na mga proyekto para sa kabutihan ng Naicqueno.

Upang mangyari ito, sa Mayo 12, itatak ang totoong partidong magsisilbi: Team Dualan lamang po.

# Sen. Imee nakiisa sa pagdiriwang ng ika-2 anibersaryo ng Carmona City



*Nakipag-bonding si Sen. Imee kina Rep. Roy Loyola at Mayor Dahlia Loyola.*



*Ang tropa ng Cavite Press Corps kasama si Sen. Imee Marcos sa selebrasyon ng ika-2 anibersaryo ng lungsod ng Carmona.*

CarSiGMA Stadium -- "Kaysarap bumalik dito sa pagdiriwang ng inyong espesyal na selebrasyon."

Ito ang naging pambungad na salita ni Sen. Imee Marcos, pangunahing panauhin at tagapagsalita noong Biyernes, Pebrero 23 sa idinaos na selebrasyon ng ika-2 taon ng deklarasyon bilang lungsod ng dati ay munisipalidad ng Carmona, Cavite.

Ang selebrasyon ay pinangunahan ni City Mayor Dahlia Loyola, mga opisyal ng lalawigan, Congressman Roy Loyola, acting Silang Municipal Mayor Edward Carranza, at GMA Municipal Mayor Maricel E. Torres at mga opisyal ng lungsod, mga opisyal ng barangay at ng residente ng siyudad.

Sa nakitang malaking pagbabago ng Carmona, sinabi ni Sen. Marcos na ibang-iba na ang level ng kabuhayan at ang progreso ng siyudad.

Kung noon ay pinag-usapan ay tungkol sa pagsasaka, pagkain, at kakulangan sa tubig at pagtuyo ng mga watershed, sinabi ng senadora ang paglikha ng isang modernong lungsod ang tinatanaw ng Carmona.

"Ngayon, ang plano para sa Carmona ay maging Spark International City. Kasama ang SMC, tiyak na marami ang dadating na trabaho sa Carmona," sabi ng reeleksiyonistang senadora.

Inialok ni Marcos ang kanyang tulong upang mapataas ang antas ng siyudad.

"Nandito tayo para magtulungan at mapa-level up ang Carmona. At dahil ilang kilometro lamang ang Carmona mula sa Maynila, ang minimum wage ay hindi dapat magkaiba. Dapat P600 din dito," sabi ni Marcos.

Dapat, sabi ng senadora, walang maiwan, walang lamangan.

Ikinatuwa ni Marcos ang magandang balita na magkakaroon na ang Carmona ng extension ng Philippine General Hospital (PGH).

Ito ay mayroong 300-bed capacity na itinatayo sa dalawang (2) ektaryang lupa na may pinirmahan nang kasunudan ng pamahalaang lungsod at ng Department of Health.

Binanggit ng senadora na ang kanyang ama, dating Presidente Ferdinand Marcos Sr. ay nagtaguyod noon na magkaroon ng sariling heart center, kidney center, at lung center ang bawat rehiyon ng bansa, lalo na ang Southern Luzon.

Sa pagtatapos, muling binati ni Marcos ang mga tagumpay ng lungsod sa pamumuno ni Mayor Dahlia Loyola at ni Cong. Roy Loyola.

" At higit sa lahat, huwag kalimutan, anuman ang problema, Imeesolusyon," anang senadora. /BB Central Desk

# NCSC namamahagi ng cash gifts sa mga senior citizen sa Imus



Sandaan at dalawang (102) senior citizen sa Lungsod ng Imus ang tumanggap ng cash gifts noong Miyerkoles, Pebrero 26 mula sa National Commission of Senior Citizens (NCSC), kasabay sa unang pambansang pamamahagi ng biyaya sa ilalim ng Expanded Centenarians Act of 2004.

Ginanap ang aktibidad sa 4th Floor ng bagong City Government Center na sinaksihan ni Mayor Alex 'AA' Advincula.

Tumanggap ang mga lola at lola na nasa edad 51, 85, 90, at 95 ng P10,000 bawat isa.

Tinanggap naman ni Marissa Sapinoso Alejo, anak ni Lola Apolinaria Sapinoso, ang P100,000.

Yumao si Lola Apolinaria tatlong araw matapos ipagdiwang ang ika-100 kaarawan noong Enero 5 ngayong taon.

Ayon kay Ms. Keanne Clarisse M. Cruz, Executive Assistant IV, ang cash gifts ay pagtanaw ng utang na loob at pagkilala ng



pamahalaan sa mga sakripisyo at mahalagang ambag sa bansa ng mga nakatatanda.

Si Ms. Cruz ay nakatalaga sa opisina ni Comissioner Rainer Cruz, tagapangasiwa ng NCSC sa rehiyon ng Calabarzon at Mimaropa.

Pinasalamatan ni Mayor Advincula ang gobyerno at ang mga opisyal ng NCSC sa pagpili sa siyudad ng Imus na maging unang tumanggap sa biyayang kaloob ng Expanded Centenarians Act of 2024.

Kilala ng alkalde ang natatanging kontribusyon ng mga senior citizen sa paghubog ng isang lungsod na mapagkalinga sa mga mamamayan nito.

Tumanggap din ang mga seniors ng libreng medical check-ups,mga gamot at bitamina at libreng paggupit ng buhok, masahe, manikyur at pedikyur mula Technical Education and Skills Development Authority.

Ipinakilala rin sa kanila ang mga benepisyong Konsulta Package ng PhilHealth.

Pinirmahan ni President Bongbong Marcos ang RA No. 11982 o Expanded Centenarians Act of 2024, noong Peb. 26 ng nakaraang taon. /BantayBalita, Cavite Press Corps




Pinasasalamatan ni Mayor Alex 'AA' Advincula ang NCSC sa pagpili SA Imus City na ganapin ang pamimigay ng cash gifts senior citizens ng lungsod.

# Bloggers, SMCs bumuwelta sa Kamara



MAKIKIRAAN PO!

★ Janet W. BILBAO

Naisahan ng mga mga kritiko ng gobyerno ang House Tricom na nais padaluhin sila para daw gumawa ng batas laban sa fake news.

Gusto kasi ng mga kongresista, sa pamumuno ni Rep. Ace Barbers, parusahan ang mga Blogger at Social Media Critics (SMCs) na panay ang upak sa kanilang mga pagdinig sa Kamara, at halata, pikon na pikon sila.

Nakaramdam na pag umatend sila sa hearing, ipa-contempt sila at ikulong sa BJMP o sa Women's Correctional Facility,

Kaya ano ang ginawa nila, tumakbo sila sa Supreme Court (SC) at nagpetisyon na pigilan ang Kamara sa anomang hakbang na sa paniniwala ng mga blogger at SMCs ay pag-atake sa kanilang kalayaan sa pagmamahayag at pagpigil sa kanilang karapatang magsalita laban sa katiwalian sa gobyerno.

At sa banc resolution ng SC, inutusan ang House of Representatives (HOR) na sagutin sa loob ng 15 araw -- nang walang palugit -- ang petisyon sa araw na matanggap ang abiso.

So far, wala pang sagot ang House sa Petition for Certiorari and Prohibition ng mga kritiko na humihiling sa Korte Suprema namaglabas ito ng isang Temporary Restraining Order (TRO) at Writ of Preliminary Injunction.

Mga naghain ng petisyon (G.R. No 27810) ay sina Ernesto' S. Abines, Jr., Atty. Glenn Chong, Mark Anthony Lopez, Mary Jean Q. Reyes, Dr. Richard T. Mata, Mary Catherine Diaz Binag, Ethel Pineda Garcia, Krizzette Laureta Chu, Jonathan A. Morales, Lorraine Marie Badoy-Partosa, Rose Beatrix L. Cruz-Angeles, Aeron S. Peña, Nelson U. Guzmanos, Elizabeth Joie Cruz, Suzanne Batalla, Kester John Tan, at George Ahmed G. Paglinawan.

Sa petisyon, pinasasagot si Speaker Ferdinand Martin G. Romualdez, kasama si Rep. Robert Ace S. Barbers, pati n ang HOR Joint Committee, na binubuo ng House Committee on Public Order and Safety (pinamumunuan ni Rep. Dan Fernandez), House Committee on Information and Communications Technology (pinamumunuan ni Rep. Tobias Tiangco), at House Committee on Public Information (pinamumunuan ni Rep. Jose

Sinusulat ito, wala pang opisyal na pahayag ang HOR sa utos ng Korte Suprema.

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF RODRIGO CINCO SOYOSA WITH WAIVER OF RIGHTS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF **RODRIGO CINCO SOYOSA** WHO DIED ON JULY 31, 2021 AT MAKATI CITY, METRO MANILA LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED AT BLK.4 LOT 37 SUMMERFIELD SUBDIVISION, BRGY. OSORIO, TRECE MARTIRES CITY, CAVITE AWARDED BY THE NATIONAL HOUSING AUTHORITY EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 410 PAGE NO. 82 BOOK NO. 127 SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: JANUARY 31, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 10, 17 & 24, 2025**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE LEON D. SALAZAR WITH RENUNCIATION OF RIGHTS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **LEON D. SALAZAR** WHO DIED ON APRIL 21, 1997 AT ALFONSO, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND WITH IMPROVEMENTS SITUATED IN BRGY. MATAGBAC II, ALFONSO, CAVITE COVERED BY TAX DECLARATION NO. AA-010022 00011 CONTAINING AN AREA OF THREE HUNDRED TWENTY TWO SQUARE METERS AND FIFTY SQUARE DECIMETER (322.50) EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GLEN ARCHIBALD A. VARGAS UNDER DOC. NO. 295 PAGE NO. 59 BOOK NO. 1 SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 3, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 10, 17 & 24, 2025**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE LOVELYN V. BAJA WITH WAIVER OF RIGHTS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **LOVELYN V. BAJA** ARE THE OWNER OF PARCEL OF LAND WITH IMPROVEMENTS LOCATED AT BRGY. SAN AGUSTIN CITY OF TRECE MARTIREZ PROVINCE OF CAVITE COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-66580 CONTAINING AN AREA OF SIXTY SIX SQUARE METERS (66) EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 6 PAGE NO. 2 BOOK NO. 138 SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 6, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 10, 17 & 24, 2025**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH ABSOLUTE SALE

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **SONNY NIERVA ARELLANO** WHO DIED ON OCTOBER 26, 2019 AT V.LUNA MEDICAL CENTER V.LUNA AVENUE, QUEZON CITY LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 077-2017 000812 SITUATED IN QUINTANA CITY OF TRECE MARTIREZ, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF SEVENTY (70) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. JASPER C. SALES UNDER DOC. NO. 316 PAGE NO. 65 BOOK NO. 17 SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 13, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 17, 24 & MARCH 3, 2025**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **SPOUSES SALUD ILOG JARAMILLO AND ANTONIO JARAMILLO** WHO DIED ON JUNE 20, 2005 AND DECEMBER 23, 1976 BOTH IN NAIC, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND LOCATED IN BRGY. CAPUTATAN (NOW SAN MIGUEL A.) MARAGONDON, CAVITE COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-29243 CONTAINING AN AREA OF ELEVEN THOUSAND TWO HUNDRED FORTY (11,240) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. CORINNE MARIE D. ESPIDOL UNDER DOC. NO. 126 PAGE NO. 27 BOOK NO. I SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE:FEBRUARY 13, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 17, 24 & MARCH 3, 2025**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION (OF THE INTESTATE ESTATE OF THE LATE JOHN PAUL MUÑEZ CRISTOBAL)

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **JOHN PAUL MUÑEZ CRISTOBAL** WHO DIED ON DECEMBER 30, 2019 AT BLK.18 LOT 18 PH 3B CARISSA HOMES, BRGY. BAGTAS TANZA, CAVITE THE SAID DECEASED LEFT A PARCEL OF LOT PURCHASING FROM BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GABRIEL B. OCTAVA UNDER DOC. NO. 452 PAGE NO. 91 BOOK NO. XXI SERIES OF 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 24, MARCH 3 & 10, 2025**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE FELIPE POBLETE WITH WAIVER OF SHARES

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **FELIPE POBLETE** WHO DIED ON FEBRUARY 25, 2016 AT CALIFORNIA, USA LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-113533 SITUATED IN NAIC ESTATE SUBDIVISION PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF SIX HUNDRED THIRTY EIGHT (638) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. MANUELITO C. DIOSOMITO UNDER DOC. NO.174 PAGE NO. 36 BOOK NO. CXXXV(135) SERIES OF 2022 NOTARIZED DATE: OCTOBER 18, 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 17, 24 & MARCH 3, 2025**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH PORTION OF SALE

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **ISAAC DIONES ANIMAS** WHO DIED ON MARCH 16, 2005 AND **PETRA PANGANIBAN ANIMAS** WHO DIED ON JANUARY 11, 2022 AT MARAGONDON, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED IN BRGY. TALIPUSNGO, MUNICIPALITY OF MARAGONDON, PROVINCE OF CAVITE COVERED BY TAX DECLARATION NO. AA-13-0025-00096 CONTAINING AN AREA OF FIFTEEN THOUSAND (15,000) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 124 PAGE NO. 25 BOOK NO. 178 SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 11, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 17, 24 & MARCH 3, 2025**


# Advertise with us!

We are now offering publication of legal requirementsy for:
* Extra-Judicial Notices * Self-Adjudication *Correction in Live Births *Correction in Names and Surnames* Affidavit of Loss* Obituaries, and other legal notices, notarial services and other publication needs.
Email us at bantaybalitanews59@gmail.com; taparaneliseo@gmail.com; sarfia926@gmail.com; arzmedia777@yahoo.com; or text/call: 0927-489-0759 /0928-940-6369.
Please contact us for inquiries.


## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF ERNESTO V. MANANSALA

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **ERNESTO V. MANANSALA** WHO DIED ON APRIL 14, 2014 AT IMUS CITY CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (T-734895) 057-2022 058778 SITUATED AT REGATTA CLASSICS PH. 2-B, ANABU 2B, IMUS CITY, CAVITE CONTAINING AN AREA OF FIFTY (50) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 113 PAGE NO. 23 BOOK NO. 178 SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 11, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 17, 24 & MARCH 3, 2025**

## ERRATUM

THIS IS TO CORRECT THE ERROR OF THE EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE PAQUITO TOLETE MONTILLA SR. PUBLISHED IN BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES ON SEPTEMBER 30, OCTOBER 7, & 14, 2024 THAT THE BOOK NO. IX IS WRONG AND THE CORRECT ENTRY IS BOOK NO. IX AND NOT AS PUBLISHED

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 24 - MARCH 2, 2025**

## AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **REMIGIO STA.TERESA BERNARDINO** WHO DIED ON JANUARY 29, 2021 AT GENERAL TRIAS CITY, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED AT MANGGAHAN, GEN.TRIAS CITY CAVITE UNDER TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-910861 CONSISTING AN AREA OF ONE HUNDRED FIFTY (150) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 256 PAGE NO. 52 BOOK NO. 178 SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 19, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 24, MARCH 3 & 10, 2025**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
DASMARIÑAS CITY, CAVITE

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Otherwise known as Pag-IBIG Fund),**
Petitioner/Mortgagee,

-versus-

**File No. FC-DC-1646-25**
EXTRAJUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118

**DHINO DAMANG married to MALOU DAMANG,**
Respondent/Mortgagor.
x-------------------------------------------------------x

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the petitioner/mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Otherwise known as Pag-IBIG Fund)**, a government financial institution duly organized and existing under and by virtue of Republic Act No. 9679, with postal address at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City against respondent/mortgagor **DHINO DAMANG married to MALOU DAMANG** with postal addresses at 1013 P. Paredes St., Sampaloc, Manila and Lot 24 Blk 18 Ph. 1, Carissa Homes North, Brgy. Salawag, Dasmariñas City, Cavite and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of January 6, 2025 amount to TWO HUNDRED SIXTY THREE THOUSAND TWO HUNDRED SIXTY SIX PESOS & 27/100 (Php263,266.27), exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **March 27, 2025 at 10:00 o'clock** in the morning or soon thereafter in the Ground Floor Lobby of Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Building, Congressional Road, Burol II, Dasmariñas City, Province of Cavite to the highest bidder and for CASH or CERTIFIED CHECK in Philippine Currency, the following described real property together with all the buildings and other improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-470997**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in the Mun. of Dasmariñas, Prov. of Cavite bounded and described as follows:

A parcel of land (Lot 24 Blk. 18 of the subd. plan, Psd-042106-069283, being a portion of Lot 5716, Imus Estate, LRC Rec. No. ), situated in the Bo. of Salawag, Mun. of Dasmariñas, Prov. of Cavite. Bounded on the NW., along line 1-2 Lot 20, Blk. 18, on the NE., along line 2-3 by Alley 5, on the SE., along line 3-4 by Lot 23 Blk. 18, on the SW., along line 4-1 by Lot 23, Blk. 18, all of the subd. plan. Beginning at a pt. marked "1" on plan being N. 87 deg. 55'W. 3591.73 m. from Mon. 167, Imus Estate, thence N. 70 deg. 54'E., 0.33 m. to pt. 2; thence S. 10 deg. 05'E., 5.75 m. to pt. 3; thence S. 79 deg. 54'N., 9.33 m. to pt. 4; thence N. 10 deg. 06'W., 5.75 m. to the pt. of beginning, containing an area of FIFTY THREE SQ. M. & FIFTY SQ. DEC. (53.50) SQ. METERS. All points referred to are indicated on the plan and are marked on the ground by PS cyl. conc. Mons. 15x60 cm., bearings true; date of orig. Survey, July 27, 1905-June 1, 1906 or that of the subd. Survey, Jan. 11-Feb. 7, 1994, & was approved on March 10, 1994.

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrance, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on April 10, 2025 at the same time and place without further notice.

17 February 2025, Dasmariñas City, Province of Cavite.

**(Sgd.) RODRIGO C. ESTOGERO, JR.**
Sheriff IV

**(Sgd.) ATTY. MARCELA L. BAYBAY**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Otherwise known as Pag-IBIG Fund),**
The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

**ATTY. JULIUS VOLTAIRE ROMMEL C. CUBELO**
24K Accounts Consultant, Inc.,
3F Fass Inteli College Bldg., No. 11, Pittsburgh St., Brgy. Silangan, Cubao, Quezon City
.
**DHINO DAMANG married to MALOU DAMANG**
1013 P. Paredes St., Sampaloc, Manila and
Lot 24 Blk 18 Ph. 1, Carissa Homes North, Brgy. Salawag, Dasmariñas City, Cavite

***BANTAYBALITA News Publishing Services***
***FEBRUARY 24, MARCH 3 & 10, 2025***

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE LATE DOROTEO BAYAS AND LUZONIA BAYAS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **DOROTEO BAYAS** WHO DIED ON APRIL 25, 1990 AT BRGY. 4 AMADEO, CAVITE AND **LUZONIA BAYAS** WHO DIED ON JANUARY 6, 2003 AT DELA SALLE UNIVERSITY MEDICAL CENTER, DASMARIÑAS CITY LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY TAX DECLARATION NO. 02-008-00208 LOCATED AT POBLACION 8, AMADEO, CAVITE CONTAINING AN AREA OF FOURTEEN THOUSAND FOUR HUNDRED SEVEN (14,407) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GABRIEL B. OCTAVA UNDER DOC. NO. 355 PAGE NO. 71 BOOK NO. XVI SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 12, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 17, 24 & MARCH 3, 2025**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPS. ALEJANDRO B. RAYMUNDO AND LILIAN R. RAYMUNDO

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **SPS. ALEJANDRO B. RAYMUNDO** WHO DIED ON MAY 17, 2005 AT IMUS CAVITE AND **LILIAN R. RAYMUNDO** WHO DIED ON SEPTEMBER 23, 2021 AT IMUS CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED IN BO.OF BUCANDALA, MUNICIPALITY OF IMUS PROVINCE OF CAVITE COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-93533 CONTAINING AN AREA OF THREE HUNDRED SIXTEEN (316) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 204 PAGE NO. 41 BOOK NO. 174 SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 14, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 17, 24 & MARCH 3, 2025**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF DECEASED PERSON SPOUSES LEON CRIZALDO AND BEATRIZ VARIAS WITH RENUNCIATION OF RIGHTS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **SPOUSES LEON CRIZALDO AND BEATRIZ VARIAS** WHO DIED ON JULY 06, 2019 AND MARCH 19, 1989 AT MARAHAN, ALFONSO, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED IN THE BRGY. OF MARAHAN 1, MUNICIPALITY OF ALFONSO PROVINCE OF CAVITE EMBRACE WITH ORIGINAL CERTIFICATE OF TITLE NO. P-6489 CONTAINING AN AREA OF ONE HUNDRED NINETY-SEVEN (197) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GABRIEL B. OCTAVA UNDER DOC. NO. 82 PAGE NO. 17 BOOK NO. XLI SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: NOVEMBER 18, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 17, 24 & MARCH 3, 2025**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE HERMINIO ALDAY EVANGELISTA

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **HERMINIO ALDAY EVANGELISTA** WHO DIED IN THE CITY OF DASMARIÑAS PROVINCE OF CAVITE ON MAY 03, 2019 LEFT A PARCEL OF LANDS DESCRIBED AS FOLLOWS A.) TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T- 1176329 SITUATED IN BRGY. OF PALIPARAN, MUNICIPALITY OF DASMARIÑAS PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF ONE HUNDRED TWENTY (120) SQUARE METERS B.) TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-325784 SITUATED IN THE BO. OF SAN GABRIEL, MUNICIPALITY OF CARMONA, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF NINE HUNDRED NINETY NINE (999) SQUARE METERS C.) TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (T-493046) 32520 SITUATED IN THE BO. OF SABUTAN & CABILANG BAYBAY, MUNICIPALITY OF SILANG, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF ONE HUNDRED TWELVE (112) SQUARE METERS D.) TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-1171370 SITUATED IN THE BO. OF SABUTAN, MUNICIPALITY OF SILANG PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF TWO HUNDRED SIXTY SEVEN (267) SQUARE METERS E.) TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T- 845205 SITUATED IN THE BO. OF SAN GABRIEL, MUNICIPALITY OF CARMONA PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF ONE HUNDRED FORTY FOUR (144) SQUARE METERS F.) TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (T-1155989) 057 2023005641 SITUATED IN THE BO. OF SABUTAN, MUNICIPALITY OF CARMONA PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF TWO HUNDRED THIRTY EIGHT (238) SQUARE METERS G.) TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T- 1112310 SITUATED IN BRGY. POBLACION I MUNICIPALITY OF GEN.MARIANO ALVAREZ, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF ONE HUNDRED TWENTY (120) SQUARE METERS H.) TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. TCT-272717 SITUATED IN THE BO. OF PARAISO MUNICIPALITY OF ORANI PROVINCE OF BATAAN CONTAINING AN AREA OF TWO HUNDRED NINETY NINE (299) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 56 PAGE NO. 12 BOOK NO. 178 SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 10, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 10, 17 & 24, 2025**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **PETRA SALAMATIN DIME** WHO DIED ON OCTOBER 26, 2014 AND **BALBINO REYES ERNA** WHO DIED ON OCTOBER 7, 1984 LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED AT BRGY. LUKSUHIN ILAYA, ALFONSO CAVITE UNDER ORIGINAL CERTIFICATE OF TITLE NO. OP-2203 ( FREE PATENT NO. 018987) CONTAINING AN AREA OF NINE HUNDRED ONE (901) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 475 PAGE NO. 95 BOOK NO. 177 SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 5, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 10, 17 & 24, 2025**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF DECEASED PERSON **LAUREANO A. NAPULA** WHO DIED ON NOVEMBER 3, 2011 IN SILANG, CAVITE LEFT A PARCEL OF HOUSE AND LOT SITUATED IN BLK.210 LOT 11 ZONE 10, BULIHAN, SILANG, CAVITE CONTAINING AN AREA OF NINETY NINE (99) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. ANTONIO F. BUTIAL JR. UNDER DOC. NO. 82 PAGE NO. 17 BOOK NO. XVII SERIES OF 2025 NOTARIZED DATE: FEBRUARY 7, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 10, 17 & 24, 2025**

# Ating ibalik sa Senado si Mr. Malasakit!


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
bantaybalitanews59@gmail.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 3 NO. 22 10.00 FEBRUARY 24 - MARCH 2, 2025



Sen. Bong Go


Sen. Francisco Tolentino


Sen. Imee Marcos


Atty. Vic Rodriguez



## REVANZE

★ Domz B. CAOILE

Galing naman ni Mr. Malasakit, Sen. Christopher 'Bong' Go, iba talaga pag ramdam na ramdam ng mamamayan ang kanyang serbisyo.

Mula sa 4th at 3rd spot sa survey noong Disyembre 2024, biglang lundag si Sen. Bong Go sa 2nd place sa February-19 poll ng Social Weather Stations (SWS), at maging sa ibang survey, kabilang siya sa Top Magic 5 sa mga senatorial aspirants.

Hindi na tayo magtataka, kasi, kita naman natin, ang epektibong pagseserbisyo ni Sen. Go sa Pilipîno.

Ang dami yatang nakikinabang sa Malasakit Center project na naitayo bunga ng batas ni Sen. Go upang maserbisyuhan ng kalusugan ng Pilipino, lalo na ang nasa sektor ng mahihirap.

Yes, ayon sa rekord ng Department of Health, mahigit na sa 17 milyong Pinoy, pinakamarami ay mahihirap ang nagamot at nailigtas sa kamatayan ang natulungan ng Malasakit Center at ng mga Super Health Center na advocacy ni Sen. Bong Go.

Sa Malasakit Center ni Sen. Go, natutulungan ang isang indigent patient na maoperahan at mapagaling sa ospital na konti na lamang ang babayaran.

Eto pa ang ibang resulta ng survey: 2nd spot (50.4%) din ang nakuha ni Sen. Bong noong January 18-25 survey ng Pulse Asia; at sa OCTA Research Tugon ng Masa poll (Jan. 25-31), nasa 3rd spot si Mr. Malasakit sa nakuhan niyang 58% voting preference.

Kami sa pamilya namin, we will vote for i Sen. Go para muli siyang makapagserbisyo sa atin.

Iba ang bisyo niya, ito ang magserbisyo, dapat lang na ibalik si Sen. Bong Go sa Senado.

Sabi nga niya, ang serbisyo sa tao, ay siyang serbisyo sa Diyos!

@@@

Teka, happy, happy birthday sa March 4 and more blessings sa makisig na principal ng Imus National High School (INHS), si Boss Arturo Rosaroso, "debut" yata niya, saan ba ang celebrations?

Teka Boss Art, makisig naming presidente ng Imus City Police Advisory Group, kelan tayo uli magmimiting?

Likewise, cheers to you, katropang Canadian Boy na si Bro. Reden Lumabi na balita namin ay bagong promote na supervisor sa isang malaking steel fabrication company sa Surrey City, British Columbia.

Happy 50th celebration of life sa March 5, Bro Reden, wish namin, maging multi-milyonaryo ka!

@@@

Sa pagsama ko sa kampanya nina Sen. Francis Tolentino at Sen. Imee Marcos, ramdam na ramdam ang dating nila sa mga tao; opo, ang lakas ng karisma nila, kaya, feeling ko, sila ay makakabalik sa Senado.

Isa pa sa papalarin ay Sagip Partylist Rep. Ka Rodante Marcoleta na nakita natin ang talino at masigasig na paglaban niya sa korapsiyon at pagnanais na magkaroon ng totoong transparency sa gobyerno.


Isa sa pinakikiramdaman natin ay si Atty. Vic Rodriguez, dating executive secretary ni PBBM na ngayon ay isa sa masugid na kritiko ng administrasyon.

Isa siya sa naghain ng petisyon sa Supreme Court na kumukuwestiyon sa legalidad ng naipasang 2025 national budget, pati na ang pagkuha ng kung ilang bilyong pisong pondo ng PDIC na panagot upang maibalik ang pera ng depositor kung mabangkarote ang isang banko.

Pati ang pag-zero budget sa PhilHealth ay inuusig ni Atty Vic kasi nga, paano na ang mahihirap na contributor, hindi na ba maseserbisyuhan?

Health is human rights kaya suportado natin si Atty. Rodriguez sa paglaban niya na maibalik ang bilyon-bilyong pondo ng PhilHealth.

Para sa inyong komento, bantaybalitanews59@gmail.com




# 50 unit ng motorsiklo, tinanggap ng CPPO

**Camp Gen Pantaleon Garcia, Imus City --** Masayang tinanggap ni Cavite Police Provincial Office (CPPO) director Colonel Dwight E. Alegre ang mahigit na 50 unit ng motorsiklong NMAX Provincial Government mula sa pamahalaang lalawigan ng Cavite, Huwebes, Pebrero 27.

Ang pagkakaloob ng motorsiklo ay pinangunahan ni Governor Athena Bryana D. Tolentino na sa kanyang mensahe, idiniin na buong-buo ang suporta niya sa kampanya ng pulisya laban sa kriminalidad at pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa buong lalawigan.

Labis na pinasalamatan ni Col. Alegre ang donasyong motorsiklo na magsisilbing epektibong gamit ng pulisya laban sa kriminalidad at sa mabilis na pagresponde sa kailangang pagliligtas sa sakuna, kalamidad at masiguro ang sekuridad at kapakanan ng mamamayan. /Janet W. Bilbao, CPC



